# 30L addl. benefits/extra cash gift tinanggap ng mga opisyal at kawani ng Kapitolyo sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Typoco Jr.


BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



nasa loob
EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob p 2
HELP column p 2


Sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr., tumanggap ng karagdagang benepisyo *(additional benefits)/extra cash gift* na tig-P30,000.00 ang lahat na opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan noong Disyembre 2009.

Ito ay sa bisa ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 415-2009 na nag-aproba sa *Appropriation Ordinance* Blg. 45-2009.

Nakasaad sa resolusyon na taun-taong nagbibigay ng karagdagang benepisyo ang pamahalaang panlalawigan sa mga opisyal at kawani nito batay sa awtoridad mula sa Tanggapan ng Pangulo o ng *Department of Budget and Management (DBM)*. Binanggit din sa nasabing resolusyon na di-tulad sa mga ahensya

(Sundan sa pahina 6)

# Pamaskong Handog ni Gob. Typoco Jr. tampok sa Christmas Party









Tripleng kasiyahan ang ibinigay na pamasko ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa mga kawani at opisyal ng Pamahalaang Panlalawigan sa ginanap na *Provincial Capitol Family Christmas Party* noong Disyembre 21, 2009.

Unang-una na rito ang Pamaskong Handog ng Gobernador kung saan nagkaroong muli ng pa-*raffle* para sa mahigit na 76 *home appliances, furnitures* at iba pang *household items.* Ikalawa, nagbigay rin ng gantimpalang salapi ang gobernador para sa mga kawaning

(Sundan sa pahina 8)

*Sa isinagawang flag-raising ceremony, ibinalita ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang pagbibigay ng pamahalaang panlalawigan ng P30L additional benefits/extra cash sa mga opisyal at kawani nito; Sa pangunguna ni Engr. Eden Borja (dulong kanan), nagpakitang-gilas sa pagsayaw ang General Services Office (GSO) staff sa Provincial Capitol Christmas Party na ginanap sa CN Agro-Sports and Cultural Center; ang Pamaskong Handog ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa mga kawani ng pamahalaang panlalawigan kung saan naglaan ito ng iba't-ibang pa-premyong home appliances at furnitures tulad ng ref, washing machine, sala set, atbp.*

# Maligayang Pasko

# CPC 6 Program Implementation Review isinagawa

Isinagawa kamakailan ng *Provincial Technical Working Group* (PTWG) ang *Program Implementation Review* (PIR) para sa *Sixth Country Prog-ramme for Children (CPC 6)* na ipinatupad dito sa Camarines Norte mula taong 2005 hanggang 2009.

Pinangunahan ito ni Arch. Madonna A. Abular *CPC 6 Coordinator* kasama ang lahat ng sektor nito tulad ng: *Health and Nutrition, Education, Basic Education for All and Early Childhood Care, Child Protection, Communication*, at; *Social Policy and Local Development.*

Nahayag sa ulat ng mga nabanggit na sektor ang mga aspektong nakatulong at/o nakahadlang sa mga programa at proyektong makabata na ipinatupad sa buong lalawigan.

Matatandaan din na taun-taong isinasagawa ang naturang ebalwasyon sa layuning matukoy ang mga programa at proyektong tutugon sa tunay na panga-ngailangan ng mga kabataan at kababaehan. Sa pamamagitan nito, maipagkakaloob sa mga benepisaryo ang mga serbisyong kailangan nila.

Samantala, ipinahayag dito ni *Arch.* Abular na ang pagpapalawig *(expansion)* ng *CPC 6*ay ipatutupad sa susunod na dalawang (2) taon ngunit itutuon na ito sa *Millennium Development Goal (MDG)* partikular na ang paglaban sa kahirapan at malnutrisyon, pagbibigay ng libreng edukasyon sa elementarya at sekondarya, at mapababa ang insidente ng pagkamatay ng mga buntis at sanggol sa kanilang sinapupunan gayundin ang mga ipinapanganak pa lamang na mga sanggol *(neonatal)*.

Sinabi rin ni *Arch.* Abular na ipatutupad ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)* ang *extension* ng *Sixth-Country Programme for Children (CPC 6)* sa walong probinsya na lubhang malala ang problema ng mga kabataan at kababaihan.

Idinagdag ni *Arch.* Abular na dahil sa *improvements* sa kalagayan ng kabataan dito sa Camarines Norte, ang ating lalawigan ay hindi na kabilang sa *CPC 6* ngunit tayo ay maaari pa ring makatanggap ng mga *supplies assistance* mula sa *UNICEF* depende sa ating pangangailangan. ***LT IBASCO***

## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Dis. | 1 | Ubrada B. Mase of Brgy. Bibirao, Daet for Christmas Party of Day Care children of St. Salvacion Day Care Center | P1,000.00 |
| | | Norman M. Racelis of CNSC-College of Business & Public Administration for the Search for Mr. & Ms. ABBS 2009 | 5,000.00 |
| | | Luz Quiñonez of Poblacion I, Basud for the tuition fees of Ma. Cassandra Ibasco of Mabini College | 1,000.00 |
| | 7 | Casimira M. Morales of Senior Citizen Office, Brgy. Mampili, Basud for their Christmas Party | 1,000.00 |
| | | Nelson Agua, President of CNPH Tricycle Operators & Drivers Assn. Inc. Bagasbas Road for their Christmas Party | 2,000.00 |
| | | Nadia Magdalena Dingle of Bible Church International-Daet (Purpose Driver Ladies) for their Christmas Activity | 1,000.00 |
| | | Kgd. Romeo R. Mojal of Brgy. Alawihao, Daet for the transportation expenses of John Mark Mojal & Van Joseph Mojal who passed the PNPA Examination | 1,000.00 |
| | | Edna del Pilar of Mercedes Fish Processor Association for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Alfredo Rayos, PADTODA President, Daet for their Christmas Party | 2,000.00 |
| | | Christopher Vargas of Brgy. I, Mercedes for burial assistance | 500.00 |
| | 11 | Teodoro B. Ong of Brgy. VIII for his registration for a seminar in Baguio City | 5,000.00 |
| | | Ms. Elsa Gayo, Brgy. Treasurer of Brgy. Alawihao, Daet for the holding of Brgy. Treasurer's League of Daet (BTLD) X-mas Pa-raffle of 1 colored TV 21" | 6,500.00 |
| | | Glen D. Olalo, President, Brgy. Tanod, Brgy. I, Mercedes for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Aris Y. delos Santos, Adviser of Lady of Peñafrancia College High School & College Dept for their Christmas Party | 2,000.00 |
| | | Nora Vargas, Day Care worker of Brgy. Guinatungan, Basud for the Search for Little King and Queen of White Christmas 2009 | 500.00 |
| | 14 | Alyssa Marie Bermundo, team leader of CWTS 2 Mabini Colleges for the Conduct of Seminar demonstration | 1,000.00 |
| | | Joan Guerina of CNSC (BSTP) for their community service at Little Bethlehem Mary Day Care Center, Brgy. 3, Poblacion, Vinzons | 500.00 |
| | | Agusto delos Santos of Brgy. Bagasbas, Daet for their Christmas project | 1,000.00 |
| | | Criselda Sureta, Brgy. Coordinator of Firm Friends of IRM, 24K Assn. Inc., Tamisan Chapter, Jose Panganiban for travelling expenses | 500.00 |
| | | Ma. Luisa Lopez of Daet Municipal Police Station for their Annual Christmas party | 5,000.00 |
| | | Bong Alfe of Purok 3, Brgy. Dogongan, Daet for his birthday | 500.00 |
| | | Sonia S. Abogado of Dioneda's Special School of Daet, Purok 4, Brgy. V for some Christmas gifts to their students | 2,000.00 |
| | 16 | Kgd. Azucena Q. Elep of Brgy. Langga, Basud for their gift-giving project | 500.00 |
| | | Hermie Brofas of Brgy. 8, Daet for the hosting of Batang Idol | 1,000.00 |
| | | PB Mariano Escalante of Brgy. II, Daet for their Christmas Party | 2,000.00 |
| | 18 | Jocelyn Teodoro of Daet SPED Center, Daet Elementary School for their students | 2,000.00 |
| | 21 | Ronnie Sion, team leader of Purok 10, Brgy. Alawihao, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Rhea M. Asutilla, SK Chairman of Brgy. Apuao, Mercedes for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Mia Concordia of KBP, Cams. Norte Chapter for their Christmas party | 2,000.00 |
| | | Noel E. Sura of Purok 4, Brgy. Camambugan, Daet for their Christmas Party | 1,000.00 |
| | | Rosemarie Vargas, President, Samahan ng Kabataan LADEA for their Christmas Party | 500.00 |
| | 28 | Jerald Gonzales of Brgy. San Isidro, Daet for their Christmas Party | 1,000.00 |
| | | Rosalinda Zabala, Supervisor of Worxwell Marketing Corporation for their Christmas party | 500.00 |
| | | Rowena Joyce Abina, Mun. Deputy Chief, Daet Chapter of Federation of Christian & Muslim's Volunteer Brigade (Cops Rescue) for their gift giving activity | 500.00 |
| | | **TOTAL** | **P 52,000.00** |

# Boys and Girls Week ipinagdiwang dito

Pinangunahan muli ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at *Kiwanis Club of Daet* sa pakikipagtulungan ng *Department of Education (DepEd)* at Sangguniang Kabataan (SK) *Provincial Federation* ang 1-linggong selebrasyon sa lalawigan ng Linggo ng Kabataan *(Boys and Girls Week)*.

Ito ay batay sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2009-23 na ipinalabas kamakailan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na nagtatakda sa nabanggit na pagdiriwang simula Disyembre 5-11, 2009, at alinsunod na rin sa *Presidential Proclamation No. 99*.

Iba't-ibang aktibidad ang itinakda sa 1-linggong pagdiriwang na nakatuon sa layuning mahubog ang mga kabataan bilang mga responsableng mamamayan ng bansa. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga oportunidad na makalahok at magkaroon ng karanasan sa pamamalakad ng pamahalaan.

Naging pinakatampok na aktibidad dito ang paghalal ng mga *counterpart elective* at *appointive officials* sa pagitan ng mga kalahok na kabataang mag-aaral na may 13 hanggang 17 taong gulang. Isinagawa ito noong Sabado, Disyembre 5 pagkatapos ng *Seminar/Workshop on Parliamentary Rules and Procedures*, at *Leadership in Action* na idinaos sa araw ding iyon.

Matapos ang halalan, isinagawa naman ang *group dynamics* na tanging nakatuon sa *New Local Government Code (RA 7160)*. Layunin nito na maitiim sa puso't diwa ng mga kabataan ang kahalagahan ng isang malinis na eleksyon at matapat na panunungkulan sa pamahalaan.

Kaugnay nito, naluklok na *Youth Congressman* si Nholie Abanto ng *San Felipe National High School (SFNHS)*; at nahalal naman bilang *Girl Governor* at *Girl Vice Governor* sina Krista Angeli Delica at Nenebie Cayetano ng *Jose Panganiban National High School (JPNHS)* at *Gonzales Ascutia High School*, ayon sa pagkakasunod. Kasama nilang nanunungkulan ang mga nahalal na *Youth Board Members* na sina: Aldrin San Juan ng



***Ang joint session ng mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan at ang kanilang mga counterpart boy and girl officials na mula sa iba't-ibang paaralan dito sa lalawigan.***

*San Vicente Parochial School (SVPS)*; Mizzrah Mateo-*JPNHS*; Kayleen Fernandez-*Camarines Norte State College Laboratory High School*; Jespeed Delos Santos-*La Consolacion College of Daet*; Brent Nombrado, Mary Joy Magana at Jeric Joshua Rala-*Basud National High School (BNHS)*; Lanie Jalimao at Cherry May Olano-*Camarines Norte College (CNC)*; Ivy Teli Ani Pielago-*Moreno Integrated School*; Randy Eras-DDNHS; Jenalyn de Mata-*Paracale National High School*, at Rose Ann Asis-*Mercedes National High School*.

Ang iskedyul ng mga aktibidad na dinaluhan ng mga kabataang kalahok sa Boys and Girls Week simula Disyembre 7-11 ay ang mga sumusunod: Disyembre 7 (Lunes) – *opening ceremonies, flag raising,* parada at seremonya sa paglilipat ng katungkulan, *dialogue-conference* sa pagitan ng mga kasalukuyang opisyal ng pamahalaan at mga kabataang opisyal ukol sa istruktura, tungkulin, gawain at responsibilidad ng bawa't tanggapan ng pamahalaan; at ang pagganap sa tungkulin ng mga kabataang opisyal; Dis. 8 (Martes) – pagpapatuloy sa katungkulan at pagbisita sa *Camarines Norte Provincial Jail,* at pagbibigay-pugay sa *DepEd Division Office*; Dis. 9 (Miyerkules) – pagpapatuloy sa katungkulan, pakikipag-dayalogo sa mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan/Pambayan bilang paghahanda sa isang *joint session* sa Sangguniang Panlalawigan/Pambayan; pagbisita sa mga proyektong pang-imprastraktura na kasalukuyang ipinagagawa ng pamahalaang panlalawigan; *courtesy call* sa mga hukom sa *Hall of Justice* na may layuning makapagsagawa ng isang *mock trial*; Dis. 10 (Huwebes) – pagpapatuloy sa katungkulan; *joint session* kasama ang *Sangguniang Bayan* ng *Daet/Basud; Christmas party* at *fellowship* kasama ang mga *Kiwanians*; at Dis. 11 (Biyernes) – pagpapatuloy sa panunungkulan; *joint session* sa Sangguniang Panlalawigan kasama ang iba pang *boy and girl officials*; *luncheon conference* kasama ang mga *counterpart officials* at mga miyembro ng *Kiwanis Club of Daet*; *closing and awarding ceremonies*, at pagdalo ng mga kaukulang *youth officials* sa *flag retreat ceremonies* sa Kapitolyo Probinsyal at mga pamahalaang bayan ng Basud at Daet.

Inaasahan na sa pamamagitan ng 1-linggong aktibidad ay nakalahok ang mga kaukulang *youth SP board members/municipal councilors* sa paggawa ng mga resolusyon at ordinansa, napapangunahan at

**(Sundan sa pahina 6)**

# Ang Pandaigdigang Pagpupulong Ukol sa Kasaysayan ng Galleon at Dagat Pacifico

Dumalo sa *International Conference on the Galleon and the Making of the Pacific (El Galeon y la Construction del Pacifico)* sina Aida B. Pandeagua, *Admin. Officer I* at Mariecar M. Manlapaz, *Admin. Asst. III* ng *Governor's Office- Museum, Archives & Shrine Curation Division* sa paanyaya ng Intramuros *Administration, 5th Floor Palacio del Gobernador, corner Gen Luna* at *Aduana Streets*, Intramuros Manila.

Umabot sa siyamnapu't pitong (97) delegado ang dumalo sa nabanggit na pagpupulong na nanggaling pa sa iba't-ibang tanggapan ng gobyerno at pribadong sektor sa ating bansa na nagbayad ng *registration fee* na P3,500.00 at P2,500.00 naman ang siningil para sa mga *full time student* na dumalo sa aktibidad.

Ang naturang tatlong (3) araw na pagpupulong na magkatuwang na itinaguyod ng *Intramuros Administration* at *Department of Tourism (DOT)* ay tinampukan ng pagtalakay sa kasaysayan ng Galleon at ng Dagat Pacifico.

Tinalakay sa unang araw ang mga paksang: *The West Indies and the Manila Galleons: The First Global Route, Arte Culto de Manila: Filipino-Made Goods in New Spain* at *The Galleons Sail a Sacred World: Trade , Rites and Rituals in Manila.* Nagka-

**(Sundan sa pahina 8)**





***Sina Aida B. Pandeagua at Mariecar DM. Manlapaz (una at ikalawa mula sa kaliwa) ng MASCD-G.O. kasama sina Atty. Charito L. Planas, Nayong Pilipino Executive Director (pangalawa mula sa kanan) at 2 UST personnel na dumalo rin sa Pandaigdigang Pagpupulong ukol sa Kasaysayan ng Galleon at Dagat Pacifico.***




# EDITORYAL

## Sariling Pag-iingat
### Panawagan ng Lider-Kabataan

Sa nakaraang pagdiriwang ng *International Day Against Trafficking* noong Disyembre 12, 2009, nakatutuwang marinig ang mga pananaw ng ilang kabataan ukol sa isyu ng *child trafficking*. Tunay na iilan pa lamang sa kanila ang napaghahatiran ng kaalaman tungkol sa nasabing isyu, subali't mayroong pag-aming ipinarating ang mga ito tungkol sa kanilang kamangmangan at kakulangan sa angkop na kaalaman ukol sa pamamaraan ng mga "*traffickers*" at "*child-abusers*" na dapat sana'y maisama sa kanilang pag-aaral sa mga paaralan upang ang mga kabataan ay mamulat at kanilang maiwasang maging mga biktima ng mga mapanlinlang na sa bandang huli ay magdudulot sa kanila ng kapighatian at pagkawasak ng kanilang kinabukasan.

Maganda rin ang kanilang ginawang panawagan sa kapwa nila kabataan na maging mapagmatyag at tahasang maging aktibong kalahok sa paglaban sa *child trafficking;* na huwag magpatalo sa hamon ng kahirapan, bagkus harapin ito sa paniniwalang ang pagmamahalan at pag-uunawaan sa loob ng responsableng pamilya ay mas mahalaga kaysa sa ano pa mang materyal na bagay na pawang panandalian lamang, upang maiiwas ang sarili sa kapahamakan. Sinasabi pa nila na samantalang hindi maikakaila na sa sama-samang pagkilos nakatakdang magwakas ang pag-iral ng *child trafficking* sa bayan, subali't kung nararamdaman nila na pagkaminsan ay hindi makagalaw ang mga ahensiya na inaasahan nilang makatutulong sa kanila, nguni't higit na mabisa pa rin ang pag-iingat para sa sariling kaligtasan na nakasalalay sa kanilang mga sarili lamang, isama na rito ang kanilang responsabilidad sa kapwa kabataan, kung sila sana'y magiging mapagmasid at maingat, at hindi mararahuyo sa kislap ng mga materyal na bagay.

Sana'y magsilbing pampukaw sa lahat ang pananaw na ito ng ilang kabataan – sa pamahalaang lokal, mga pamunuan ng paaralan, sa lahat ng mga ahensiyang naatasang magbigay ng proteksyon sa mga kabataan, sa *justice system,* at higit sa lahat ang pamilya na may obligasyong moral sa kanilang mga anak. Sana'y alalahanin ang temang: ***"Proteksyon ng Bata, Responsibilidad ng Lahat; STOP Child Trafficking!"***.

# International Day Against ...

*(Mula sa pahina 10)*

at mga mamamayan dito na magbigay ng kanilang buong suporta at kooperasyon para matiyak ang tagumpay nito.

Bilang suporta sa 1-araw na selebrasyon na may temang "Proteksyon ng Bata, Responsibilidad Nating Lahat, *STOP Child Trafficking*", nagsabit ng istremer ang mga kinauukulang pampamahalaang tanggapan, at pribadong organisasyon at establisimyento sa kani-kanilang mga nasasakupan. Karamihan din sa kanila ay sumali sa *advocacy parade* noong Disyembre 14 sa ganap na ika-9:00 ng umaga na nagsimula sa Kapitolyo Probinsyal at saka binagtas ang kahabaan ng *Vinzons Avenue* sa sentro ng Daet. Bago rito, nag-ipun-ipon muna ang mga mag-aaral sa *Eco Field* na giniyahan ng kanilang *teacher-advisers*. Ang *motorcade* at *advocacy parade* na dinaluhan ng mahigit na 500 mga mag-aaral at *drum and bugle corps* galing sa iba't ibang paaralan dito sa Daet ganundin ng mga samahang sosyo-sibiko at empleyado ng mga pamahalaang lokal, ay magkatuwang na pinangasiwaan ng *Philippine National Police (PNP)* ng Daet bilang *marshall* at

*(Sundan sa pahina 9)*
















*1) Mga nagsisaling mag-aaral at guro sa nasabing 2-category contests; 2) Si PACT Area 3 Convenor Conrado A. Rempillo, ESP 1 ng DepEd sa programa noong Dis. 12, 2009 sa pagdiriwang ng International Day Against Trafficking (IDAT) na isinagawa sa pamamagitan ng Essay Writing Contest; 3) at 5) ang motorcade, at poster-making contest sa Area 1 na pinangasiwaan ni PACT Area 1 Chair Veverly Puse na pangulo ng Kiwanis Club of Reina Daeteña, na ginanap sa bayan ng Paracale, Camarines Norte; 4) Ang thematic banner ng 2009 International Day Against Trafficking sa paggunita ng Palermo Protocol.*

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# 2009 COOP Month ipinagdiwang sa Cams. Norte

Tuwing buwan ng Oktubre, ginaganap ang pagtitipon at paggawad ng pagkilala sa mga natatanging kooperatiba sa lalawigan ng Camarines Norte sa selebrasyon dito ng *Cooperative Month*. Ang nasabing taunang okasyon na malugod na sinusuportahan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ay tinampukan ng iba't-ibang angkop na paligsahan na pawang nakatuon sa mahahalagang aspekto ng kooperatiba.

Sa *2009 Coop Month Celebration* ngayong Oktubre, nagkaroon ng *slogan contest; poster-making contest* na hinati sa mga kategoryang *amateur, non-professional* at *professional*; *essay writing contest* sa wikang *Filipino* at *English* na sinalihan ng iba't-ibang miyembro ng mga kooperatiba mula sa labindalawang bayan ng lalawigan.

Sa bahagi ng programa sa *culminating activity* noong Oktubre 30, 2009, ipinakilala ni Dr. Henry Orbita, *development assistance specialist* ng *Land Bank of the Philippines (LBP)* ang pamunuan ng *Provincial Cooperative Development Council (PCDC)*. Aniya, ginawa ng *PCDC* ang lahat na magagawa nito para sa kapakinabangan ng mga kooperatiba. Isang halimbawa nito ang pagbuo ng *PCDC* sa kauna-unahang *Cooperative Development Authority (CDA) registration on-line* sa Rehyong Bicol kung saan ang *CDA staff* ang nagsadya sa mga lugar na itinalagang *registration places* kung saan isa na rito ang Camarines Norte na tinatangkilik ng 55 kooperatiba rito. Ipinaabot din ni Orbita ang kanyang pasasalamat sa Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng pamumuno ni Gob. Typoco, Jr. na naglaan ng P1 milyon sa *Provincial Local Government Unit (PLGU)- LBP tie-up program* para maipautang sa mga kwalipikadong kooperatiba sa lalawigan.

Sa bahagi ng paunang salita na ibinigay ni *PCDC Chairman* Romeo Clavillas, sinabi nito na hindi hadlang ang kaunting balakid sa samahan ng mga kooperatiba, hindi mahalaga kung makatanggap man sila ng parangal *(award)* o hindi. Ang mahalaga aniya ay magsama-sama pa rin sa taun-taong paggunita sa selebrasyon ng buwan ng kooperatiba. Idinagdag niya na bisyon ng *Camarines Norte PCDC* na isulong ang *Bicol Region* na maging *coop capital* ng bansa. Si Clavillas din ang *general manager* ng *Cooperative Bank of Camarines Norte.*

Nagbigay naman ng mensahe si Gob. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng kanyang kinatawan na si Engr. Gerardo Quiñones, *Executive Asst. IV* ng *Office of the Governor (G.O.)*. Binigyang-diin ng gobernador na hangad ng kanyang pamunuan na mapaunlad ang ekonomiya at negosyo katuwang ang kooperatiba. Aniya, ang Pamahalaang Panlalawigan ay susuporta sa lahat ng mga hakbangin ng mga kooperatiba para mapaunlad ang kanilang mga proyektong pangkabuhayan na makatutulong para maisulong ang kaunlaran ng iba't-ibang industriya sa lalawigan.

Sa katulad na okasyon, pinagkalooban naman ng gawad-pagkilala ang mga sumusunod na kooperatiba at mga indibidwal na nagpakita ng suporta at natatanging galing sa larangan ng iba't-ibang gawaing pang-kooperatiba:

***MAJOR AWARDS:*** (*LEVEL 1) - Multi-Purpose Agricultural Community Based - First Place - Countryside Multi-Purpose Cooperative,* P3,000.00; *(LEVEL 2) Service Cooperative – $1^{st}$ Place – Jose Panganiban Primary Hospital Service,* P3,000.00; *Multi-Purpose Agricultural Community-Based: $1^{st}$ Place – Service Union of Innovative Society of MPC,* P3,000.00; *$2^{nd}$ Place – Sunrise MPC,* P2,000.00; *CREDIT-Institution Based: $1^{st}$ Place – Capalonga Employees Credit Cooperative,* P3,000.00; *$2^{nd}$ Place – Mabini Colleges Coop,* P2,000.00; *(Level 2) – Multi-Purpose Agricultural Community-Based: $1^{st}$ Place – Talisay MPC,* P3,000.00; *$2^{nd}$ Place* – Kaguruan *MPC,* P2,000.00; *$3^{rd}$ Place – Coop of Agrarian Reform Employees,* P1,500.00;

(Sundan sa pahina 9)




*Ang mga delegasyon ng mga kooperatiba mula sa Rehiyong Bikol na dumalo sa 2009 Bicol Region Coop Congress na ginanap sa Camarines Norte State College noong Oktubre sa loob ng pagdiriwang ng Cooperative Month sa bansa. Lumahok din sa parade nito ang CNGWMPC sa naturang okasyon kung saan ginawaran ito ng parangal na tinanggap naman ng mga opisyal ng naturang kooperatiba.*

# Pagpili sa Most Child-Friendly Barangay ng CNorte isinasagawa

Bibigyang muli ng kaukulang gawad-pagkilala at gantimpalang salapi ang mga barangay sa lalawigan ng Camarines Norte na nakapagpatupad ng pinakanatatanging mga programa at proyektong makabata sa kani-kanilang mga nasasakupan.

Ito ay sa pamamagitan ng angkop na programang isasagawa sa Enero 2010 kung saan pangungunahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang opisyal na paghahayag at paggawad ng papremyo sa mga nanalo sa katatapos na ***Search for Child-Friendly Barangay (CFB).*** Ang barangay na makakukuha ng unang puwesto ay tatanggap ng gantimpalang P60,000.00; pangalawang puwesto-P40,000.00; pangatlong puwesto-P30,000.00; pang-apat na puwesto-P20,000.00; panlimang puwesto-P10,000.00, at; pang-anim na puwesto-P5,000.00.

Nakatakdang magbigay rito ng mensahe ang gobernador at pangungunahan din niya ang pagbibigay ng tulong-pinansyal sa mga *disparity barangays* ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)* na naapektuhan ng dumaang bagyong 'Santi' sa lalawigan.

Sa nasabing programa, magbibigay ng *welcome* at *opening remarks* si *SP Ex-Officio Member* William Carlo Avila, Liga ng mga Barangay (LNB) *Provincial President* na pangungunahan din ang presentasyon ng *criteria* at *selection process* ng *CFB Search.* Pormal namang magtatapos ang programa sa pamamagitan ng *closing remarks* ni *SP Member* Teresita DL. Malubay, *chairperson, Committee on Women and Family*.

Samantala, ang mga barangay na kasama sa *2008 CFB Search* na opisyal na kalahok ng kani-kanilang mga munisipalidad ay ang mga sumusunod: Brgy. Poblacion-Capalonga; Brgy. Mantagbac-Daet; Brgy. Kalamunding-Labo; Brgy. Capacuan-Paracale; Brgy. San Ramon-San Lorenzo Ruiz; at Brgy. III-Vinzons. Inaanyayahang dumalo ang lahat na kalahok sapagkat sorpresa ang gagawing pag-anunsyo sa mga nanalo kaya hanggang ngayon ay hindi pa ipinaaalam ng *Provincial Selection Committee* ng *CFB Search*.

Ang naturang taunang patimpalak na unang isinagawa noong

(Sundan sa pahina 8)

# 21st World AIDS Day ipinagdiwang dito bilang suporta sa pandaigdigang kampanya kontra HIV/AIDS

Pinangunahan muli ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang selebrasyon dito ng *21st World Aids Day* noong Disyembre 1, 2009 na may panlokal na temang "Kaisa Ako sa Laban sa *AIDS*" na susog sa pandaigdigang tema nito na *"Universal Access and Human Rights: I Am"*. Ito ay bilang pakikiisa nito sa pandaigdigang kampanya para labanan at sugpuin ang patuloy na paglaganap ng nakamamatay na sakit na *HIV/AIDS* sa iba't-ibang panig ng mundo.

Iba't-ibang angkop na aktibidad ang isinagawa rito sa pamamagitan ng *Provincial Health Office (PHO)* at Daet *Rural Health Unit (RHU)* bilang tugon sa *Mid-Decade Goal* na mapigil ang paglaganap ng HIV/AIDS at mapababa ang bilang ng kinakapitan ng nakamamatay na sakit. Kabilang dito ang pagsasabit ng istremer sa mga pampamahalaang tanggapan at pribadong establisimyento simula Disyembre 1. Ang mga sumusuporta sa kampanya kontra *HIV/AIDS* ay binigyan ng *Daet RHU* ng mga *'red ribbons'* na pandaigdigang simbolo ng pakikiisa sa mga taong positibo sa *HIV* at mga taong maysakit na *AIDS*.

Noong Disyembre 3, namahagi naman ng mga *HIV/AIDS flyers* ang *PHO* at Daet *RHU* sa layuning mabigyan ng pangunang impormasyon at kaalaman ang mga mamamayan kung paano nakukuha at naisasalin sa ibang tao ang naturang sakit, at ang mga paraan para maiwasan ito.

Isinagawa naman kinabukasan, Disyembre 4, sa ganap na ika-8:30 ng umaga ang isang *motorcade* sa mga pangunahing kalsada sa sentro ng bayan ng Daet. Sinundan ito ng isang *symposium* na ginanap sa *3rd floor, Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) Medicare Hall*. Nakiisa rin ang mga mamamayan dito sa *signature campaign* bilang suporta nila sa pandaigdigang kampanya para labanan at sugpuin ang *HIV/AIDS*.

Samantala, sa pamamagitan ng PHO at sa pakikipagtulungan ng mga *rural health units (RHUs)*, iba't-ibang aktibidad ang ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan bilang pagtalima sa *Republic Act 8504* na mas kilala bilang *Philippine AIDS Prevention and Control Act of 1988 (An Act Promulgating Policies And Prescribing Measures For The Prevention And Control Of HIV/AIDS In The Philippines, Instituting A Nationwide HIV/AIDS Information And Educational Program, Establishing A Comprehensive HIV/AIDS Monitoring System, Strengthening The Philippine National Aids Council, And For Other Purposes)*.

Matatandaan na noong taong 1988, ipinahayag ng *United Nations General Assembly* ang pagkabahala nito sa pandaigdigang paglaganap ng *acquired immunodeficiency syndrome (AIDS)*. Nang mabatid nito na idineklara ng *World Health Organization (WHO)* ang Disyembre 1, 1988 bilang *World AIDS Day*, ipinalabas nito ang *United Nations General Assembly Resolution 43/15* sa ika-38 *plenary meeting* nito noong Oktubre 27, 1988.

Binigyang-diin sa naturang resolusyon ang kahalagahan ng pagobserba sa naturang okasyon sa pamamagitan ng mga angkop na aktibidad gayundin, nakasaad dito ang kasiyahan nito sa pandaigdigang istratehiya na isinagawa ng *WHO* para maiwasan at makontrol ang *AIDS* kasama na ang pagbuo nito ng mga angkop na *inter-agency mechanisms*, at pagkilala nito sa mga pagsisikap ng *WHO*, ibang *United Nations agencies and funds*, at *national governments*.

Nakapaloob din sa nabanggit na resolusyon ang panawagan sa lahat ng bansa na tugunan ang problema sa *AIDS* na isinasaalang-alang ang lehitimong *concerns* ng ibang bansa at mga interes sa relasyon sa pagitan ng mga bansa.

Sa kasalukuyan, mahigit 41 milyong tao ang nabubuhay na taglay ang sakit na *HIV/AIDS*. Dahil dito, ang paglaban sa *HIV/AIDS*, malarya at iba pang mga sakit ay kabilang sa mga *Millennium Development Goals* na ipinangako ng lahat na 191 *United Nations Member States* na tutuparin nila hanggang pagsapit ng taong 2015. ***LT***

## List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| 5 Casual<br>3 Clerk I | | 3 | | 1 | PGCN | Completion of two years studies in College | None required | None required | C.S. Sub-professional First Level Eligibility | |
| 1 Utility Worker I | | 1 | | 1 | PGCN | Must be able to read and write | None required | None required | None required (MC 11, s. 96-Cat. 111) | |
| 1 Driver I | | 3 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad. | None required | None required | Drivers License MC. 11, s. 96-Cat. 11 | |
| Medical Officer III | 4061 | 18 | | 2 | PHO | Doctor of Medicine | None required | None required | R.A. 1080 | |
| Agriculturist Technologist | 9026 | 10 | | 2 | PROVET | Bachelor's degree relevant to the job | None required | None required | CS professional | |
| Agriculturist Technician I | 9015 | 6 | | 1 | PROVET | Completion of two years studies in College | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| Nurse 1 | 4151/42 24 | 10 | | 2 | PGCN | Bachelor of Science in Nursing | None required | None required | R.A.1080 | |
| Nursing Attendant | 4045 | 4 | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | None required | |
| Administrative Assistant II (Clerk IV) | 8010 | 8 | | 1 | GSO | Completion of two years studies in College | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C.S. Sub-professional | |
| Administrative Aide VI (Storekeeper II) | 8007 | 6 | | 1 | GSO | Completion of two years studies in College | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| Administrative Aide III (Clerk I) | 2010 | 3 | | 1 | GO-HRMD | Completion of two years studies in College | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| Painter Foreman | 8044 | 8 | | 1 | GSO | High School Graduate | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | Painter | |
| Painter II | 8059 | 5 | | 1 | GSO | Elementary School Graduate | None required | None required | Painter | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# Boys & Girls ...

***(Mula sa pahina 3)***

nakasali sa regular at espesyal na sesyon ng Sangguniang Panlalawigan/Pambayan.

Matatandaan naman na ang bayan ng Daet ay unang lumahok sa pagdiriwang ng *Boys and Girls Week* noong 1995 at taong 2004 naman nakiisa ang bayan ng Basud.

Samantala, ang mga mag-aaral sa hayskul na naging kalahok sa *Boys and Girls Week* na tauntaong isinasagawa ay pawang kabilang sa nangungunang limang (5) matatalinong mag-aaral sa kanilang klase o seksyon at/o kaya ay lider ng organisasyon sa kanilang paaralan. ***LT***

# P30L addl. ...

***(Mula sa pahina 1)***

at tanggapang nasyonal, ang mga opisyal at kawani ng mga *local government units (LGUs)* ay napagkaitan ng karagdagang sweldo simula Hulyo 1, 2009 sa ilalim ng *modified compensation system*.

Ayon naman sa Seksyon 2 ng *Appropriation Ordinance* Blg. 45-2009, ang P30,000.00 karagdagang benepisyo ngayong 2009 ay binubuo ng *rice subsidy* na P1,500.00/buwan sa loob ng 12 buwan o 1 taon; *laundry allowance* na P300.00/buwan sa loob ng 1 taon; *extra cash gift* na P5,000.00, at; P3,400.00 bilang *medical benefits*. Ang mga benepisyong ito ay kabilang sa mga ***"de minimis" benefits*** na hindi saklaw ng pagbubuwis *(not subject to income tax)* base sa *Section 1* ng *Revenue Regulations No. 10-2008*.

Dahil dito, ang inilaang pondo ngayong taon para sa karagdagang sweldo ay ibinigay ng pamahalaang panlalawigan sa mga opisyal at kawani nito sa pamamagitan ng awtorisadong karagdagang benepisyo.

***(Sundan sa pahina 8)***

# Mga piling larawan






1



2




3

*1) Tinatanggap ng mga koryograper ng Barangay 4 ang kanilang tropeyo mula kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. nang manalo sila sa ginanap na Cheer Dance competition; 2) Ang mga kabataang lumahok sa Boys and Girls Week celebration na itinaguyod ng Kiwanis Club of Daet at pamahalaang panlalawigan nang dumalaw sila sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.; 3) Ipinagkaloob ni Gob. Typoco, Jr. ang tropeyo kay Punong Barangay Cristina Ceneta-Rano ng Barangay Uno, Daet ng makuha ng koponan nito ang kampeonato sa 1st Gov. Atoy Typoco, Jr. Inter-Barangay Basketball Tournament dito sa bayan ng Daet; 4) Ang mga pumila sa tanggapan ni Gob. Atoy para sa Pamaskong Handog ng gobernador sa kanyang mga kababa-*






4









# Pagpili sa ...

(Mula sa pahina 5)

2003 ay itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)*. Layunin nito na bigyang-pagkilala ang mahalagang papel ng mga pamahalaang lokal at barangay sa pagsusulong at pangangalaga sa karapatan ng mga kabataan na magkaroon ng pangalan at nasyonalidad, malusog na katawan, makapag-aral at mapaunlad ang kakayahan, mabigyan ng proteksyon, maliban sa iba pa. **LT IBASCO**

# Ang Pandaigdigang...

(Mula sa pahina 3)

roon naman ng *Museum Tours* sa dakong hapon at kinagabihan ay *Welcome Night (By Invitation Only)* sa *Almacenes Reales, Fort* Santiago.

Isinagawa sa ikalawang araw ang *Overview of the Sessions of the Previous Day* at ang pagtalakay sa mga sumusunod: *The Galleon: Its Structure and Infrastructure; The Galleon: As brand/Label; Social Issues in Conversation (TBF),* at *Heritage and Conservation in Port Cities.* Nagkaroon din ng *Out of Conference Activity* kung saan dinalaw ng mga delegado ang mga *Museum* sa Intramuros. Nagkaroon din ng *farewell dinner (by invitation only)* sa *Coconut Palace, Cultural Center of the Philippines (CCP)* kung saan ang mga imbitadong delegado ay nagsuot ng Barong at Filipiniana.

Tinalakay sa ikatlo at huling araw ang: *Roundtable Discussion on Popularization Envisioning a Maritime Museum for the Philippines; Dancing with the Galleon: Galleon-influenced Dances; Demonstration Number : Mantones de Manila; Popularizing the Galleon Trade; The Galleon in the Context of Globalization; Ancient Galleon Gateway: A study of Capul Island and the Secrets of Lao-Ang.* Ginanap naman sa dakong hapon ang *Roundtable Discussion on Urbanism and Better Living.*

Ilan sa mga naging tagapagsalita ay mula pa sa mga bansang Espanya, Mexico at Estados Unidos at ilang propesor ng Arellano *University, Ateneo de Manila University, Colegio de San Juan de Letran,* at *Lyceum of the Philippines University*. Naging tagapagsalita rin si *Professor* Pio Andrade Jr. ng Arellano *University* na tubong-Paracale, Camarines Norte na tinalakay ang paksang *Galleon: It's Structure and Infrastructure.*

Sa naturang pagpupulong, ang mga opisyal at kawani ng mga museo sa bansa at iba pang dumalo ay nagkaroon ng karagdagang kaalaman hinggil sa mahalagang papel ng *Galleon* sa kasaysayan ng ating bansa. ***AIDA B. PANDEAGUA***

# P30L addl. ...

(Mula sa pahina 6)

Kasama rin sa tumanggap nito ang mga *casual employees* na nakatalaga sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Samantala, ang mga opisyal at kawani na mababa sa 4 na buwan ang serbisyo pagdating ng Nobyembre 30 ay binigyan din ng nasabing benepisyo susog sa sumusunod na *pro-rated basis*: 3 buwan ngunit mababa sa 4 na buwan – 40%; 2 buwan ngunit mababa sa 3 buwan – 30%; 1 buwan ngunit mababa sa 2 buwan – 20%, at; mababa sa 1 buwan – 10%. **LT IBASCO**

# Pamaskong Handog ...

(Mula sa pahina 1)

nanalo sa iba't-ibang *parlor games* gayundin sa mga paligsahan kung saan nakita ang husay at galling ng mga kawani sa larangan ng pag-awit at pagsayaw man. Sinagot din ng gobernador ang mga inumin at litson sa okasyon maliban pa sa *lasagna* na mula sa Greenwich Daet Branch.

Sa naturang *Christmas party*, nagbigay ng pampasiglang bilang ang ilang kawani mula sa ilang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Nangibabaw rito ang grupo ng *General Services Office (GSO)* na ipinakita ang kanilang husay sa pagsasayaw ng *"Nobody" dance craze* na *'in'* ngayonsa bata man o sa matanda.

Dumating din sa okasyon sina Labo Mayor Winifredo 'Winnie" B. Oco, Bokal Jonah G. Pimentel, Bokal Joeffrey B. Pandi, at iba pang malalapit na kaibigan ng gobernador.

Matatandaan din na tuwing panahaon ng kapaskuhan, nakagawian na ng gobernador na magbigay ng kaukulang pamasko sa mga kabataan at nakatatanda na nagtutungo sa kanyang tanggapan para bumati at mamasko. Ito ay tauntaong ginagawa ni Gob. Typoco, Jr. bilang pasasalamat sa patuloy na pagsuporta sa kanya ng publiko. ***LT IBASCO***

# Farmers Forum cum "PINAKA" Contest isinagawa

Sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*, idinaos ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang *Farmers Forum cum PINAKA contest*.

Ito ay taun-taong isinasagawa upang maipaalam sa mga pinuno ng samahan ng mga magsasaka sa buong lalawigan ang mga programang pansakahan na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan gayundin ng *Department of Agriculture (DA)*. Kabilang din sa gawain dito ang pagtalakay sa mga napapanahong isyu at usapin na makatutulong sa pagpapataas sa produksyon ng mga pananim at alagang hayop ng mga magsasaka sa lalawigan.

Maliban sa mga nabanggit, idinadaos din ang paligsahan sa PALAKIHAN ng iba't-ibang produktong pansakahan. Ang mga sumusunod ang mga nanalo sa nasabing paligsahan na ginanap ngayong taon: Ampalaya-Larry Abuyo ng Talisay; Talong- Arnel Acal ng Vinzons; Patola-Elias Emata ng Labo; Upo-Amada Montalban ng Daet; Pinya-Mary Jane Acal ng Vinzons; Sitaw-Glen Amara ng Vinzons; Kalabasa-Helen Sayson ng Jose Panganiban; Mais-Rudy Rala ng Talisay; Gabi-Renato Villaflores ng Labo; Banana-Epitacio Jimenez ng Paracale; Tilapia-Emiliano Villacrusis ng Labo; Kamoteng Kahoy-Epitacio Jimenez ng Paracale; Inahing Manok-Joselito Perol ng Jose Panganiban. Sa kabuuan nakuha ng bayan ng Vinzons ang titulong PINAKA-Municipality, nakuha ng San Vicente ang ikalawang puwesto at pumangatlo naman ang Daet.

Samantala, nagkaroon din ng isang *Quiz bee* na ang mga katanungan ay tungkol sa agrikultura kung saan nanguna si Romeo Gandol ng Daet. Nagbigay rin ng papremyo sa *FIRST TO ARRIVE Delegation* na nakuha ng Daet.

Ang lahat na nanalo ay tumanggap ng kaukulang gantimpalang salapi na pinunduhan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *OPAg* na nagkakahalaga ng P10,000.00 at ang karagdagan ay ibinigay nina Labo Mayor Winifredo B. Oco - P2,000.00; Jose Panganiban Mayor William Lim – P2,000.00; Paracale Mayor Romeo Y. Moreno – P1,000.00; Sta. Elena Mayor Dominador G. Mendoza – P1,000.00; Vice-Mayor Adonis Salen-P500.00; President Efren Abina-P300.00; at *FA Coordinators* Malou Tejeresas at Cris Estrella na nagbigay ng tigP200.00 kaya umabot ng P17,000.00 ang naibigay na gantimpalang salapi na ikinasiya ng mga nanalo. Tumanggap din ng kaukulang gantimpalang salapi ang mga nakakuha ng ikalawa at ikatlong puwesto sa ilang kategorya.

Bilang karagdagan, ang *DA* naman ay nagkaloob ng mga *garden tools* at sampung(10) sako ng organikong pataba. Ipinamahagi ito sa mga dumalo sa pamamagitan ng isang *raffle*. Samantala, ang dalawang ispreyer naman ay ibinigay sa Vinzons bilang gantimpala nang tanghalin itong PINAKA-*Municipality* at sa bayan ng Daet na ang delegasyon ang kumpletong dumating sa okasyon.

Naging panauhing pandangal sa okasyong ito si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na kinatawan ni Dr. Napoleon C. Malaluan na nagbigay ng mensahe ng gobernador. Panauhin din dito si Mayor Oco ng Labo na pinangunahan ang pagpanumpa sa tungkulin ng mga opisyal ng *Camarines Norte Provincial Federation of Farmers Association- P4MP, Inc.* sa pangunguna ng pangulo nito na si Efren C. Abina. Pinangasiwaan naman ni Dr. Malaluan ang pagpanumpa sa tungkulin ng *Camarines Norte Pili Growers Association* sa pangunguna ng kanilang pangulo na si Elias Emata.

Matagumpay na naisagawa ang naturang taunang gawain na pinangunahan ni Gng. Erlinda G. Sañez, *Senior Agriculturist* at *Provincial Farmer Association Coordinator* kasama ang mga kawani ng *OPAg* sa ilalim ng patnubay ni Gng. Francia C. Pajares, *OIC Provincial Agriculturist*. ***M. JEREZ***




***Ang ilan sa mga produktong pang-agrikultura na kalahok sa "PINAKA" Contest ng OPAg habang masusing tinitimbang at sinusukat ni Gng. Anita Borero, isa sa mga hurado.***

# International Day Against ...

(Mula sa pahina 4)

ng *WCPD- FJGAD.* Ito ay nagtapos sa *Central Plaza Mall* sa Barangay Lag-on, Daet, kung saan nagkaroon ng programa rito na dinaluhan nina Bokal Teresita DL Malubay na siyang *Chairperson* ng Sangguniang Panlalawigan *Committee on Women & Family*, Bokal Pamela Pardo-Pujalte, *Girl Governor 2009* Krista Angeli Delica - *JPNHS* at *Boy Congressman* Nholie A. Abanto—*San Francisco NHS* na pawang nagbigay ng mensahe sa nasabing okasyon. Binasa rin ni *Girl Board Member* Ivy Teli Ani Pielago ang mga iniakda niyang mga resolusyon katuwang si Bokal Pamela Pardo tulad ng "Kapasiyahan Blg. 403-2009 na humihiling kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at iba pang pinuno ng pamahalaang lokal na hikayatin lahat ng mga *videoke houses/bar owners/operators* na gumamit lamang ng mga *music videos* na may mga larawang makabubuti at hindi nakasisira sa moral, ispiritwal at sikolohikal na pag-unlad ng mga kabataan." at Kapasyahan Blg. 404-2009 na humihiling sa pamamagitan ng gobernador na makapagsagawa ng mga *music videos* ang *Provincial Tourism Office* at *Community Affairs Office* ng Tanggapan ng Gobernador na ang gagamiting *background* ay ang mga *tourist spots* sa Camarines Norte" upang maiwasan ang mga *music videos* na may mahahalay na *background* at mapalaganap ang impormasyon tungkol sa magagandang tanawin sa lalawigan.

Una rito, nagsagawa ng isang *essay writing contest* sa *DepEd Conference Hall* noong Disyembre 12, 2009 sa pagdiriwang nito ng *International Day Against Trafficking* sa layuning makuha ang pulso ng bayan ukol sa isyu ng trapiking. Lumahok dito ang mga mag-aaral sa hayskul, at mga guro susog sa *Division Memorandum No. 126 s. 2009* na ipinalabas ni *Schools Division Superintendent* Elizabeth Palo, *Ed.D.* kung saan nanguna sa *Student Category* si Krysta Mae N. Alcala - *VPHS* na sinundan nina Karen Joyce Mariano—*Alawihao NHS*, at Rowel V. Zantua—*JPNHS* na nagkamit ng ikalawa at ikatlong gantimpala, ayon sa pagkakasunod. Sa *Teacher Category* naman ay nanguna si G. Darcy Guy Y. Mañebo—*CNNHS*, na sinundan ni Venus V. Vedad—*VPHS* at Edmund S. Managuit—*Pablo Villafuerte HS* na nasungkit ang ikalawa at ikatlong pwesto, ayon sa pagkakasunod. Ang slogan na "*Responsibilidad Ko, Responsibilidad Mo, Responsibilidad Natin ang Bawa't Batang Pilipino*" ng *Our Lady of Lourdes College Foundation, Inc. (OLLCFI)* ang nanguna sa *slogan contest* na sinundan ng "*Kabataan pahalagahan para sa ating bayan! Kanilang pag-asa at pangarap di dapat masayang*" ng *OLLCFI* at "*Hindi sapat na bata'y protektahan sa halip sila'y turuan kung paano ipaglaban ang kanilang karapatan.*" ng *Moreno Integrated School (MIS)* na nasungkit ang pangalawa at pangatlong pwesto ayon sa pagkakasunod.

Ang *7th Annual Commemoration of the International Day Against Trafficking* ngayong taon ay itinaguyod ng administrasyon ni Gob. Typoco, Jr. bilang *chairperson* ng *executive committee* para sa naturang pagdiriwang. Isinagawa rito ang iba't-ibang aktibidad sa tulong ng kanyang mga *co-chairpersons* kabilang si Mrs. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV* na nakatalagang *Philippines Against Child Trafficking (PACT) Cluster/Regional Convenor for Bicol* at *Vice Chairperson, National Campaign Council.* Ang iba pang *co-chairpersons* dito ay sina *PSWDO* Lorna C. de Claro-*PACT Area 2 Convenor; DILG Provincial Director* Robin M. Mercado at *DOLE Provincial Director* Ruben Romanillos. Nakatuwang nila sa mga gawain sina *vice chairpersons MSWDO* Grace Magana ng Capalonga; at *DepEd c/o Education Specialist I* Conrado Rempillo-*Area 3 Convenor*. Kabilang naman sa mga miyembro nito sina *MSWDO* Teresita dela Cruz ng Mercedes-*PACT Area 2 Chairperson (Bicol Speaking Towns)* at *MSWDO* Veverly Puse ng Paracale- *PACT Area 1 Chairperson (Tagalog Speaking municipalities).*

Samantala, nagsagawa rin noong Disyembre 15 at 16, 2009 ng magkahiwalay na aktibidad ang *Area 2* sa bayan ng Mercedes at *Area 1* na ginanap sa bayan ng Paracale kaugnay ng paggunita sa ika-7 taong *International Day Against Trafficking* partikular na ang *motorcade* at *on-the-spot poster-making contest*. Para magkaroon ng angkop na impormasyon at kaalaman ang mga residente, nagdaos din sila ng *film showing* patungkol sa trapiking. Isinagawa rin nila ang oryentasyon kung ano ang *'human trafficking'*, estado ng trapiking dito sa Camarines Norte, at mga kaukulang parusa sa paglabag sa *RA 9208* o ang *"Anti-Trafficking in Persons Act"*. Aktibo namang lumahok sa *commitment signing* ang mga residente sa iba't-ibang bayan dito bilang pagpapahayag ng kanilang kahandaan na isulong ang kampanya kontra trapiking para sa kapakanan ng lahat ng mga kabataan at kababaehan.

Matatandaan na ang taun-taong paggunita sa *International Day Against Trafficking* ay isinasagawa kaugnay ng *Palermo Protocol (Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children, Supplementing the United Nations Convention Against Transnational Organized Crime)* na pinagtibay sa Palermo, Italy noong Disyembre 12, 2000 kung saan ang Pilipinas ang isa sa mga bansang lumagda rito. ***LT IBASCO***

# 2009 Coop...

(Mula sa pahina 5)

<u>*Multi-Purpose Non-Agricultural – Institution:*</u> *1st Place – Camarines Norte Government Workers Multi-Purpose Cooperative (CNGWMPC),* P3,000.00; *2nd Place – Municipal Officials and Employees MPC,* P2,000.00; *3rd Place – DENR MPC,* P1,500.00; <u>*2007 Hall of Fame Award*</u> – *Labo Progressive Cooperative,* P5,000.00; *Best Municipal Cooperative Officer (MCO)* – Estrella P. Rafanan, P1,000.00; *Best Municipal Cooperative Development Council (MCDC)* – Jose Panganiban *MCDC c/o* Alberto V. Jacob, P1,000.00; <u>*Slogan Contest:*</u> *1st Place* – Zenaida Par, *MOEMC*, P500.00; *2nd Place* – Mariane Marbella, *SUISMPC,* P400.00; *3rd Place* – Tanya Corazon Eva, *VIZLAMPC*, P300.00; <u>*POSTER-MAKING CONTEST:*</u> <u>*Amateur Category:*</u> *1st Place* – Novem Mercia-les, *BADEVCO*, P500.00; *2nd Place* – Regine Acal, *SVICENTEMPC,* P350.00; *3rd Place* – Jomuel Magas, *SUISMPC*, P200.00; <u>*Non-Professional Category:*</u> *1st Place* – Ariane Joy Jimenez, *CNGWMPC*, P500.00; *2nd Place* – Maria Karen Joy Caramoan, *SFPS-LABJ,* P350.00; *3rd Place* – Fatima Mangandato, *VIMCO*, P200.00; <u>*Professional Category:*</u> *1st Place* – Joel Orcena, Tanging Yaman *MPC*, P500.00; *2nd Place* – Jonas Emmanuel Marcayda, *PMC,* P350.00; <u>*ESSAY WRITING CONTEST:*</u> <u>*Filipino:*</u> *1st Place* – Abegail Moscoso, JP Kapatiran *MPC*, P800.00; *2nd Place* – Keven Opeda, *SVMPC,* P500.00; *3rd Place* – Ma. Carla Mañago, *BADEVCO*, P350.00, at; <u>*English*</u>: *1st Place* – Trisha Jennifer Racelis *TYMPC*, P800.00; *2nd Place* – Elioenai Yanesa, *VIMCO*, P500.00; *3rd Place* – Boone Opeda, *ASDUNISCF-MPC*, P350.00.

Inaasahan namang higit pang magiging makulay ang selebrasyon ng Buwan ng Kooperatiba sa mga susunod na taon dahil sa pagtaas ng bilang ng mga mamamayan na tumatangkilik sa mga kooperatiba na mas nakikita ang mga benepisyong dulot nito. Naranasan at patuloy nilang nararanasan ang mga kabutihang nakukuha nila mula sa mga gawaing pangkooperatiba na nakapagpataas sa kanilang kita, nakapagpabuti ng kanilang kalagayan sa buhay at nakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng lalawigan at ng bansa sa kabuuan. *ML JEREZ*

# Kabayanihan ni Dr. Jose Rizal..




***Si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kasama ang mga kasapi ng Knights of Columbus at sina Bokal Romeo Marmol at CAO IV Purita P. Briñas (dulong kanan)nang mag-alay sila ng bulaklak sa Unang Bantayog ng dakilang bayani na matatagpuan dito sa Daet, Camarines Norte kaugnay sa paggunita ng lalawigan sa anibersaryo ng pagkamatay ng ating pambansang bayaning si Gat Jose P. Rizal.***

(Mula sa pahina 10)

tong ipinagdiwang ang ika-111 taong anibersaryo ng pagkakatayo ng monumento ni Rizal sa bayan ng Daet *(Morga)* na kauna-unahan sa buong mundo.

Pinangunahan naman ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang pagtataas ng Pambansang Watawat sa *flag raising ceremonies* sa *Provincial Capitol grounds* na isinagawa sa ika-8 ng umaga sa nabanggit na petsa. Nakasama niya rito ang mga opisyal ng *Knights of Rizal* na nakiisa sa paggunita sa kabayanihan ni Rizal na gumising sa kamalayan ng mga Pilipino para labanan ang mga Kastilang sumakop sa ating bansa sa loob ng halos 377 taon. Nag-alay rin sila ng bulaklak sa kauna-unahang monumento ni Rizal gayundin ang mga hepe ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, pambansang ahensya at pribadong sektor.

Samantala, isang *oratorical contest* ang una nang isinagawa noong Disyembre 9, 2009 bilang bahagi pa rin ng naturang anibersaryo rito. Pinangasiwaan ito ng *Museum Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* na pinamumunuan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo.


Matatandaan din na kaugnay ng naturang paggunita, ipinalabas ng tanggapan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2009-20 na nagatas sa lahat ng mga pamahalaang bayan na magsagawa ng mga angkop na gawain sa kanilang mga nasasakupan bilang pakikiisa sa selebrasyon ng dalawang nabanggit na anibersaryo.

Hinikayat din ng gobernador ang lahat na mga mamamayan, pambansang ahensya, mga pampubliko at pribadong paaralan gayundin ang mga organisasyong pansibiko na magbigay ng kanilang buong suporta at partisipasyon sa dalawang nabanggit na selebrasyon. ***LT IBASCO***



BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



Simple ngunit makahulugan ang isinagawang programa ng pamahalaang panlalawigan sa paggunita rito noong Disyembre 30 sa ika-113 taong anibersaryo ng pagkamartir ni Gat Jose P. Rizal na nakatuon sa temang *"Rizal's Heroism: Symbol of Ethical Leadership"*. Kaalinsabay rin di-

(Sundan sa pahina 9)

# Kabayanihan ni Dr. Jose Rizal ginunita rito






*Pinangunahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang paggunita sa kamatayan ni Gat Jose P. Rizal na nagbigay rin ng kanyang mensahe sa okasyon at nag-alay rin ng bulaklak sa unang Bantayog ni Rizal kasama ang ilang hepe ng pamahalaang panlalawigan na sina Purita P. Briñas-CAO, Arnel Ferrer-PSEMO, Engr. Leopoldo Badiola-EERMD, Abel C. Icatlo-MASCD, Annabel Defeo-Assessors Office, Dr. Jose Rene Ruidera-GSO at SP Member Romeo Marmol.*

# 7th Annual Commemoration ng International Day Against Trafficking ginanap sa lalawigan



*Girl Governor 2009*
*Krysta Angeli Delica*
*4th Year Student, JPNHS*

Batid ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na ang Pilipinas ay nananatiling kabilang sa *Tier 2 Watch List* ng *US State Department* pagdating sa trapiking sapagka't ang ating bansa ay pinagkukunan, pinagdadalhan (destinasyon) at/o ginagawang daanan para sa mga biktima ng trapiking, kababayan man natin at/o mga dayuhan. Ang karaniwang nagiging biktima ng trapiking ay ang mga kabataan at kababaehan na ipinapasok ng sindikato sa prostitusyon, pornograpiya, at iba pang uri ng eksploytasyon kung saan ang mga kawawang biktima ay ginagamit na instrumento para sila ay kumita o magkapera.

Dahil dito, ipinalabas kamakailan ni Gob. Jesus O. Typoco Jr. ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2009-22 na nag-uutos ng panlalawigang selebrasyon dito ng *International Day Against Trafficking* sa ika-12 ng Disyembre 2009 sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga angkop na aktibidad. Nakapaloob din dito ang kautusan sa lahat na pamahalaang lokal, *national government agencies (NGAs)* at instrumentaliti, *non-government organizations (NGOs)*, akademya, organisasyong sosyosibiko at panrelihiyon,

(Sundan sa pahina 4)







Masaganang Bagong Taon